



California Department of

HealthCareServices

Frequently Asked Questions

about

Healthy Kids HMO moving to Medi-Cal Managed Care

Healthy Kids is also known as the
County Children's Health Initiative Program (CCHIP)

1. Ang mga medikal na benepisyo ng iyong anak

Magtatapos na ba ang Healthy Kids (CCHIP) programa?

Hindi. Hindi magtatapos ang CCHIP.

Ang mga batang kwalipikado para sa CCHIP ay makakakuha na ngayon ng kanilang mga benepisyo at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Medi-Cal Managed Care Plans. Ang mga ito ay pareho pa ring mga planong pangkalusugan na nagkakaloob ng mga serbisyo ng CCHIP sa pamamagitan ng Healthy Kids HMO programa. Ang pagbabagong ito ay magaganap sa Oktubre 1, 2019.

Managed Care Plan

Examples: Santa Clara Family Health Plan, San Francisco Health Plan, Health Plan of San Mateo

Healthy Kids Program

- Kabilang ang mga bata sa County Children's Health Initiative Program (CCHIP)
- Kabilang din ang iba pang mga bata
- Matatanggap ng mga bata ang kanilang mga Healthy Kids/CCHIP na benepisyo sa pamamagitan ng Managed Care Plan.

Medi-Cal Program

- Simula Oktubre 1, 2019, ang mga bata sa CCHIP ay makakatanggap ng kanilang mga benepisyo sa pamamagitan ng programa ng Medi-Cal.
- Matatanggap ng mga bata ang kanilang mga Medi-Cal na benepisyo sa pamamagitan ng Managed Care Plan

Ano ang Medi-Cal at ano ang Medi-Cal Managed Care?

- Ang Medi-Cal ay isang programa na nagkakaloob ng libre o murang pagsaklaw sa kalusugan ng mga bata at matatanda na may limitadong kita at mapagkukunan.

- Ang Medi-Cal Managed Care ay isang paraan para magkaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga planong pangkalusugan sa mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal.

Ano ang Medi-Cal Managed Care Plan?

Ang Medi-Cal Managed Care Plans ay nagkaloob ng mga benepisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng mga kontrata sa mga klinika, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, at ospital. San Francisco Health Plan, Santa Clara Family Health Plan, at Health Plan of San Mateo ay mga Medi-Cal Managed Care Plans.

Anong mga serbisyo ang sinasaklaw ng Medi-Cal Managed Care Plans?

Sumasaklaw ang mga plano sa parehong mga serbisyo na sinasaklaw ngayon ng Healthy Kids HMO:

- Mga medikal na pagbisita
- Mga niresetang gamot
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyo sa kalusugan ng kaisipan at kalusugan ng pag-uugali
- Paggamot sa alkohol at droga

Nagkaloob ng mga serbisyong dental ang Medi-Cal Dental.

Mawawalan ba ako ng mga benepisyong ng Healthy Kids HMO?

Hindi. Hindi mawawalan ang iyong anak ng anumang mga benepisyong. Magkakaroon ng higit pa ng ilang mga benepisyong sa pamamagitan ng programang tinatawag na Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment (EPSDT).

Ano ang Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment Programa?

Nagkaloob ang programang ito ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang na nasa Medi-Cal.

Nangangahulugan ang EPSDT ng:

- Maagang (**Early**): tasahin at tukuyin ang mga problema habang maaga
- Pana-panahon (**Periodic**): Suriin ang kalusugan ng mga bata nang pana-panahon at sa mga naaangkop na edad
- Screening (**Screening**): Magbigay ng mga screening test para tukuyin ang mga posibleng problema (pisikal, pag-uugali, pag-unlad, dental, pandinig, o paningin)

- Dayagnostikong (**Diagnostic**): Magsagawa ng mga dayagnostikong pagsusuri para ma-follow up ang isang panganib na natuklasan, at
- Kontrolin (**Treatment**): iwasto o bawasan ang mga problemang pangkalusugan

Maaari ko bang ituloy ang iskedyul ng medical appointment, paggamot, o operasyon ng aking anak?

Oo. Ang iyong mga tagapagkaloob ng Healthy Kids HMO ay mananatiling pareho. Kaya, maaari mong ituloy ang anumang mga naka-iskedyul na appointment.

Maaari ko bang panatilihin ang kasalukuyang doktor ng pangunahing pangangalaga (primary care doctor) ng aking anak?

Oo, maaaring panatilihin ng iyong anak ang kanyang kasalukuyang doktor ng pangunahing pangangalaga (primary care doctor). San Francisco Health Plan, Santa Clara Family Health Plan, at Health Plan of San Mateo ay mga parte Medi-Cal Managed Care at nakikipagkontrata sa parehong mga doktor ng pangunahing pangangalaga para sa parehong Healthy Kids HMO at Medi-Cal.

2. Ang mga benepisyong dental ng iyong anak

Magbabago ba ang mga benepisyong dental?

- Ang mga serbisyong dental na makukuha ng iyong anak ay mananatiling pareho.
- Ang dalas ng pagtanggap ng iyong anak sa mga serbisyong iyon ay magbabago para sa ilang mga serbisyo.

Ano ang Medi-Cal Dental?

Ang Department of Health Care Services (DHCS) ay responsable sa pagkaloob ng mga serbisyong dental sa mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa iyong county, sinasaklaw ng DHCS ang mga serbisyong dental sa pamamagitan ng programang tinatawag na Medi-Cal Dental.

Ang iyong anak ay maaaring magpatingin sa sinumang dentista na nasa Medi-Cal Dental program.

Maaari ko bang panatilihin ang kasalukuyang dentista ng aking anak?

Tanungin ang iyong dentista kung tumatanggap siya ng Medi-Cal Dental. Kung ang sagot ay “Oo,” maaari mong panatilihin ang dentista. Kung ang sagot ay “Hindi,” kailangan mong maghanap ng bagong dentista.

Paano ako makakahanap ng bagong dentista?

- Tawagan ang linya ng Kostumer Serbisyong tagapakinabang ng Medi-Cal Dental para sa tulong sa paghanap ng isang bagong dentistang malapit sa inyo.

Tumawag sa:

- **1-800-322-6384**
- Lunes – Biyernes simula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.
- Maghanap ng dentista online at <http://smilecalifornia.org/find-a-dentist/>
- Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Child Health and Disability Prevention (CHDP) Program. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan ng CHDP sa www.dhcs.ca.gov/services/chdp

Maaari ko bang ituloy ang mga naka-iskedyul na dental appointment ng aking anak?

Kung mayroong dental appointment na naka-iskedyul ang iyong anak sa o pagkalipas ng Oktubre 1, 2019, mangyaring tawagan ang Kostumer Serbisyong tagapakinabang ng Medi-Cal Dental. Masasabi nila sa iyo kung maaaring ituloy ng iyong anak ang kanyang mga naka-iskedyul na appointment. Tawagan sila sa:

- **1-800-322-6384**
- Lunes – Biyernes simula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

3. Ano ang mangyayari bago at pagkalipas ng Oktubre 1, 2019?

Ano ang dapat kong gawin bago ng Oktubre 1, 2019?

- Magpatuloy na bayaran ang iyong premium para panatilihin ang naka-enrol ang iyong anak.
- Maghintay ng higit pang mga sulat mula sa Department of Health Care Services (DHCS).
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob kung kayo ay lumipat ng bahay o nagpalit ng numero ng telepono. Titiyakin nito na patuloy kang makakakuha ng mahalagang impormasyon.

Para sa mga tanong, tumawag sa:

- **San Francisco County:**

San Francisco Health Plan (SFHP)

1-800-288-5555 o TTY 1-888-558-5858

Lunes - Biyernes, simula 8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

- **Santa Clara County:**

CCHIP Program Administrator

1-833-91C-CHIP (1-833-912-2447) or TTY 711

Lunes - Biyernes, simula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

- **Health Plan of San Mateo:**

CCHIP Program Administrator

1-833-91C-CHIP (1-833-912-2447) o TTY 711

Lunes - Biyernes, simula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

Kailangan ko bang patuloy na magbayad na aking premium?

- Oo. Patuloy na bayaran ang iyong premium para manatiling naka-enrol ang iyong anak in Healthy Kids HMO.
- Kung hindi ka magbayad ng iyong mga premium, matatanggal sa pagkaka-enrol ang iyong anak mula sa Healthy Kids HMO.
- Pagkalipas ng Oktubre 1, kailangan mong patuloy na bayaran ang premium ng iyong anak.

Makakakuha pa rin ba ako ng mga libreng buwan kapag nagpaunang bayad ako ng aking mga premium?

Oo. Hintayin ang sulat para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga pagpipilian sa pagbabayad ng mga premium.

Anong mangyayari sa aking mga copayment?

Simula Oktubre 1, 2019, **hindi** ka na magkakaroon ng mga copayment para sa mga reseta o mga pagpapatingin sa doktor.

Maaari ko bang panatilihin ang aking card ng planong pangkalusugan?

- Hindi. Sa loob ng 30 araw bago mag- Oktubre 1, 2019, makakakuha ka ng Medi-Cal Beneficiary Identification Card (BIC) sa mail. Makakakuha ka rin ng bagong card ng planong pangkalusugan mula sa San Francisco Health Plan, Santa Clara Family Health Plan o Health Plan of San Mateo, depende sa county kung saan ka nakatira.

- Mangyaring gamitin ang parehong card kapag bumisita ka sa iyong doktor at dentista.
- Kung hindi mo nakuha ang iyong BIC or health plan card, tumawag sa 1-833-91C-CHIP (1-833-912-2447).

Kanino ako maaaring makipag-ugnayan kung mayroon akong higit pang mga tanong?

Pagkatapos lumipat sa Medi-Cal, maaari mong tawagan ang Medi-Cal Managed Care at Mental Health Office of the Ombudsman **sa 1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, simula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Libre ang pagtawag.

Tumawag para sa anuman sa mga dahilang ito:

- Upang humingi ng tulong sa Medi-Cal health plan, doktor, o klinika ng iyong anak. Mangyaring tawagan muna ang planong pangkalusugan ng iyong anak.
- Upang humingi ng tulong sa pagpapalit ng Medi-Cal health plan ng iyong anak. Tumawag muna sa Health Care Options.
- Upang humingi ng payo tungkol sa kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa paggamot ng o mga serbisyo para sa iyong anak. Mangyaring tawagan muna ang planong pangkalusugan ng iyong anak.
- Upang magtanong ng iba pa tungkol sa iyong plan o doktor o Medi-Cal. Tumawag muna sa iyong planong pangkalusugan.

Iba pang mahahalagang numero:

CCHIP Mga Tanong sa Paglipat ng Programa (Bago 10/01/2019)	1-833-912-2447
CCHIP Programa Administrator/Pagbabayad (Pagkatapos ng 10/01/2019)	1-833-912-2447
Health Care Options	1-800-430-4263
Kostumer Serbisyon Tagapakinabang ng Medi-Cal Dental	1-800-322-6384